

Point VIEWER Publishing



The Word of God

by: Bro. Ernie Acayan
PAHINA 9

ISSN : 2704 - 4270

VOL. VIII

ISSUE NO. 41


MAY 11 - 17, 2026

P15.00

RECOGNITION OF OUTSTANDING FILIPINO INNOVATION AT NICE 2026 **P2**



Presyo ng bigas, posibleng umabot P62/kg sa Setyembre, 'reasonable' **P3**



Wembanyama pinangunahan ang Spurs para makapasok sa ikalawang round ng playoffs

BASA HIN SA PAHINA 12

Tulfo, pinakikilos ang DTI upang aksyonan ang mga negosyanteng di sumusunod sa price freeze

Alex Eala, umangat sa WTA rankings matapos ang kampanya sa Madrid Open **PAHINA 12**

BASA HIN SA PAHINA 3

DILG Chief Remulla binatikos ni Kabataan Rep. Renee Co sa mungkahing pagbuwag sa SK

PAHINA 2



Publiko, pinag-iingat sa 'online trolls' hinggil sa 'impeachment vs. VP Sara'

BASA HIN SA PAHINA 2



ICC itinakda sa Mayo 27 ang unang status conference sa kaso ni Duterte



PAHINA 3

Recognition of Outstanding Filipino Innovation at NICE 2026



The Department of Science and Technology (DOST), under the leadership of Secretary Renato Solidum Jr., together with the Intellectual Property Office of the Philippines headed by Director General Atty. Teodoro Pascua and the Technology Application and Promotion Institute led by Director Atty. Marion Ivy D. Decena, proudly recognized outstanding Filipino inventors for their exemplary achievements in international innovation competitions. This recognition was conferred during the National Invention Contest and Exhibits 2026 held on April 27-28, 2026 at the Acacia Hotel Manila. The event serves as the country's premier platform showcasing the ingenuity, creativity, and global competitiveness of Filipino innovators, bringing together top fi-

nalists from across the nation. Among the distinguished awardees is Inv. Richard B dela Cruz, Rommel dela Cruz, et al., recognized for their innovative work titled "DEMOLLUSCUM CREAM" treatment for poxvirus especially for children who suffered this skin disease. This breakthrough highlights the potential of locally developed medical technologies to address critical health challenges and contribute to global advancements in dermatological care.

The recognition underscores the collective commitment of DOST, IPOPHIL, and DOST-TAPI to promote, support, and commercialize Filipino inventions, while providing innovators with opportunities for international exposure and collaboration. NICE 2026 continues to serve as a vital platform in elevating homegrown technologies toward real-world application and global impact, reinforcing the Philippines' position in the international innovation landscape.

Through this milestone achievement, Inv. Richard and Rommel B. Dela Cruz and his team exemplify the spirit of Filipino excellence in science, technology, and innovation—bringing pride to the nation and inspiring future generations of invention.



Lacson, Cayetano magkaiba ang pananaw sa partial report ng flood control probe

Nagpahayag ng magkaibang pananaw sina Senate President Pro Tempore Panfilo "Ping" Lacson at Senate Minority Leader Alan Peter Cayetano hinggil sa partial committee report ng Senate Blue Ribbon Committee kaugnay ng imbestigasyon sa umano'y maanumyang flood control projects.

Nauna nang kinuwestiyon ni Cayetano ang ang partial committee report, kung saan hindi pa nito nailalahad ang kabuuang katotohanan sa flood control controversy. Aniya, tila lumalaki umano ang isyu kahit hindi pa kumpleto ang report, at may mga senador ding hindi sang-ayon sa ilang nilalaman nito.

Dagdag pa niya, dapat umanong hintayin ang buong resulta ng imbestigasyon bago ito pagtuunan ng pansin, lalo't marami pa niyang detalye ang maaring lumabas sa mga susunod na pagding. "Naapektuhan din kasi ng konting rivalry ni Sen. Lacson at ni Sen. Marcoleta eh. But the reality is, bakit tayo naka-focus sa partial [report] eh hindi pa nga naa-unvail lahat eh," saad ni Cayetano. Samantala, sinabi naman ni Lacson, na siyang chairman ng komite, na iginagalang niya ang posisyon ng bawat miyembro, kabilang ang mga hindi pa pumipirma sa report.

"While I disagree with those who do not want to sign, I respect and understand their individual decisions," ani Lacson. Sa kasalukuyan, pinirmahan na ng ilang senador ang partial report bukod kay Lacson na sina Senator Erwin Tulfo, Bam Aquino, Risa Hontiveros, Kiko Pangilinan, at Senate President Vicente "Tito" Sotto III. Nangangailangan pa sa hindi bababa sa siyam na lagda upang mailarap ito sa plenary para sa debate at posibleng pag-apruba. Sa kabila nito, sinabi ni Lacson na plano niyang ihayag sa plenary ang laman ng report at ang mga natuklasan ng komite sa nakalipas na pitong hanggang walong pagding, kahit hindi pa kumpleto ang pirma ng mga miyembro. Ayon sa kanya, mahalagang maipabatid sa publiko ang progreso ng imbestigasyon upang maipataas ang mga maling naratibo at masiguro na ang tamang impormasyon ang makakarating sa mamamayan.

Publiko, pinag-iingat sa 'online trolls' hinggil sa 'impeachment vs. VP Sara'

Hinimok ng isang abogado ang publiko na mag-iingat sa mga nakikita o nababasang impormasyon sa 'online' hinggil sa pagding ng kamara sa 'impeachment' laban kay Vice President Sara Duterte.

Sa isang pahayag, nagpaalala si Atty. Lorna Capunan sa mga mamamayan ukol sa tinatawag na 'online troll armies' na layon sirain institusyon. Giit niya'y kasabay ng 'impeachment process' kontra sa ikalawang pangulo, mayroon mga ganitong uri ng paninira online.

Naniniwala siyang sa kabila ng pagding ng kongreso hinggil rito ay nagagampanan pa rin tutukan maging ang ibang mahahalaga pang isyu sa bansa.

Kaugnay sa usapin 'impeachment', bini-

gyang diin ni Mamamayang Liberal Party-list Rep. Leila De Lima na dapat hindi mangialam ang Korte Suprema sa prosesong isinasagawa ng kongreso.

Dapat aniyang magkaroon ng 'judicial restraint' ang Kataas-taasang Hukuman sapagkat ginagawa naman raw ng House Justice Committee ang mandato nito. Kanya pang sinabi na mayroon tinatawag na 'exclusive power' ang naturang komite sa pagsusulong ng 'impeachment case'.

Umaasa rin ang naturang mambabatas na hindi mag-iisyu ang Korte Suprema ng Temporary Restraining Order para pigilan ang patungkol sa pagproseso ng kamara sa impeachment.



Tulfo, pinakikilos ang DTI upang aksyonan ang mga negosyanteng di sumusunod sa price freeze

Pinuna ni Senador Erwin Tulfo ang umano'y patuloy na paglabag ng ilang negosyante sa umiiral na price freeze, at nanawagan sa Department of Trade and Industry (DTI) na magsagawa ng aktwal na inspeksyon sa mga pamilihan upang masiguro ang proteksyon ng mamimili.

Ipinatupad ng DTI ang price freeze hanggang Mayo 10 bilang tugon sa pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo at epekto ng tensyon sa Gitnang Silangan. Ngunit ayon kay Tulfo, may mga ulat na hindi ito nasusunod, partikular sa maliit na tindahan at lokal na palengke.

"May ilang negosyante na tila sinasamantalang ang kakulangan ng mahigpit na monitoring, lalo na sa mga lugar na hindi agad naaobot ng inspeksyon," ani Tulfo.

Ayon sa senador, ang mga mamimiling umaasa sa maliit na tindahan ay pinakaapektado ng ganitong gawain, dahil limitado ang kanilang pagpipilian sa pagbili ng pangunahing pangangailangan.

Dagdag pa niya, hindi sapat ang pag-asa lamang sa mga ulat at dokumento. Kailangan aniyang maglatag ang DTI ng mga aktibong presensya sa mga pamilihan sa pamamagitan ng on-ground inspection.

"Kung maraming reklamo ang lumalabas, dapat itong beripikahan sa aktwal na sitwasyon sa mga tindahan at palengke," giit niya.

Binigyang-diin din ni Tulfo na nawawalan ng saysay ang mga programang ayuda kung hindi mapipigilan ang manipulasyon sa presyo



ng mga bilhin. Sa ilalim ng umiiral na batas, ang sinumang lalabag sa price freeze ay maaring managot sa kasong administratibo, pagmumulta, at posibleng pagkakakulong, depende sa bigat ng paglabag.

Point VIEWER Publishing

LEMUEL D. JUNIO
Publisher

DARYL JETT M. ALVAREZ
Editor-in-Chief

JOELA. CANTOR
Assistant

DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - 1 Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and principles" in the private and public sectors!

Papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER
READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.
PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION
Contact Number
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
Website
www.pvnpvp.com
Email Address
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE
Commercial/Display: P200.00/column Centimeter
Classified/Legal Notice: P160.00/column Centimeter

DILG Chief Remulla binatikos ni Kabataan Rep. Renee Co sa mungkahing pagbuwag sa SK

Binatikos ni Kabataan party-list Rep. Atty. Renee Co si Department of Interior and Local Government Secretary Jonvic Remulla sa mungkahing ito na buwagin na ang Sanguniang Kabataan dahil sa katiwalian na kinasasangkutan ng dalawang SK chairman sa Makati City.

Ayon sa kanya, matagal na nilang itinutal na ang political dynasty ang dapat na buwagin.

Kadalasan umanong walang nagiging choice ang kabataan at napipilitan na lang na sumailalim sa bulok na sistema.

Magugunita na iminungkahi ni Remulla ang

pag-abolish sa SK matapos suspendehin ang dalawang SK chairman sa Makati City dahil sa pagkakasangkutan umano ang mga ito sa katiwalian o korupsiyon.

Maituturing aniyang hipokrito ang gobyerno na tatanggalan ng espasyong mamuno ang mga kabataan dahil sa korupsiyon habang bulag-bulagan sa matagal nang sistema ng korupsiyon sa Malacañang.

Tila nilalahat umano ni Remulla ang SK officials gayung dalawa lamang sa mahigit 42,000 SK Chairman sa buong bansa ang isinasangkutan sa katiwalian.

Pagtanggal sa provincial rate, suportado ng mas nakararaming mambabatas – Partido Manggagawa



Umapela ang labor group na Partido Manggagawa sa administrasyong Marcos na i-sertipika na bilang 'urgent' ang panukalang dagdag na P200 sa arawang sahod ng mga mangagawang Pilipino.

Ginawa ng grupo ang naturang apela kasabay ng selebrasyon ng Araw ng Paggawa ngayong May 1, 2026. Sa panayam kay dating Rep. Rene Magtubo, Chairman ng naturang partido, sin-

abi niyang mas nakararaming mambabatas ang sumusuporta sa naturang panukala, lalo na sa Kamara de Representatives, ngunit hindi lamang ito nakakalapas sa lebel ng Senado. Paliwanag ng labor

leader, bagaman noong 19th Congress ay nakakuha na ito ng sapat na suporta mula sa Kamara, hindi ito pinalad na makaalpas sa mataas na kapulungan matapos itong ipitin ng nakalipas na Senate leadership.

Gayunpaman, kung i-certify lamang ito ng pangulo bilang 'urgent' at ituring bilang ayuda sa mga mangagawa, magiging malaking tulong aniya ito sa mga Pilipinong patuloy na naghilirap dahil sa mababang pasahod.

Binalikan din ng dating mambabatas ang itinutal ng labor groups na tuluyang

pagtanggap sa provincial rate o hindi pagkakapantay-pantay ng pasahod sa bawat probinsiya.

Ayon sa labor leader, pare-parehong apektado ang bawat rehiyon sa napakataas na presyo ng mga bilihin ngunit nananatiling hindi pantay ang sahod ng mga mangagawa mula sa Metro Manila at iba pang rehiyon ng bansa.

Ang ibang rehiyon aniya ay labis pang tumatanggap ng napakababang sahod gayung mas mataas pa roon ang presyo ng petrolyo at pangunahing bilihin.

Kamangagawa, wala umanong karanasan ukol sa alegasyon ni Rep. Duterte na tinatakot ang ilang lawmaker para suportahan ang impeachment case

Nilinaw ni Kamangagawa Partylist Rep. Eli San Fernando na wala siyang karanasan ukol sa alegasyon ni Davao City 1st District Rep. Paolo Duterte na may ilang mambabatas na umano'y tinatakot na para lamang suportahan ang impeachment case vs VP Sara Duterte.

Batay sa naunang pahayag ng dating presidential son, tinatakot ang mga mambabatas na hindi sila mabibigyan ng pondo kung hindi nila susuportahan ang impeachment case.

Pero ayon kay San Fernando, wala pang tumatawag sa kaniya o lumalapit sa kaniya na nananakot o nag-aalok ng anumang, kapalit ng kaniyang magiging boto.

Maging ang kaniyang mga 'kainibigan' sa loob ng Kamara ay hindi rin umano nakakatanggap ng tawag o kinakausap para hingin ang kanilang suporta.

Samantala, sa kasalukuyan ay wala pang desisyon ang naturang partido sa kanilang magiging boto sa plenaryo,

sakaling ipapasa na ng House Justice Committee ang Articles of Impeachment. Ayon sa partylist lawmaker, nag-uusap pa ang mga lider ng partido upang tasahin ang magiging desisyon, habang hinihintay din ng mga ito ang opisyal na kopya ng complaint upang maikunsidera ang lahat ng salik.

Unang nag-abstain ang Kamangagawa Partylist noong pinagbotohan sa plenaryo ang impeachment case laban kay Pang.



ASEAN isinusulong ang petroleum security deal – DTI

Ipinahayag ni DTI SEC. Cristina Roque na isinusulong ng Association of Southeast Asian Nations ang ratipikasyon ng Association of Southeast Asian Nations Petroleum Security Agreement (ASEAN-APSA) upang mapalakas ang regional fuel cooperation.

Ayon kay Roque, layunin ng kasunduan na magkaroon ng coordinated emergency fuel sharing sa pagitan ng mga bansang miyembro kapag may oil supply disruption o krisis sa enerhiya.

Kasabay nito, tinutulak din ang pagbuo ng ASEAN-wide power grid upang mas magiging episyente ang paglipat at pagbabahagi ng kuryente sa rehiyon.

Biniyang-diin din ng ASEAN ang pangakong panatilihin bukas ang kalakalan, iwasan ang export bans sa essential goods, at palakasin ang food at energy security lalo na sa panahon ng krisis.

Ayon sa pahayag, bahagi rin ng plano ang suporta sa micro, small and medium enterprises (MSMEs) upang mapanatili ang trabaho at katatagan ng ekonomiya sa gitna ng global shocks.

ICC itinakda sa Mayo 27 ang unang status conference sa kaso ni Duterte

Itinakda ng Trial Chamber III ng International Criminal Court (ICC) ang unang status conference sa kaso ni dating Pangulong Rodrigo Duterte sa Mayo 27, bilang bahagi ng pag-usad ng paglilitis.

Ayon sa ICC, inaatasan ang mga partido, kabilang ang prosekusyon at depensa, na magsumite ng kani-kanilang dokumento at ebidensya bago ang dead-

line na Mayo 15. Kabilang dito ang trial briefs, disclosure ng mga materyales, at iba pang mahahalagang detalye para sa kaso.

Layunin ng status conference na tukuyin ang timetable o schedule ng misyong trial, pati na ang mga susunod na hakbang sa proseso.

Nauna nang kinumpirma ng Pre-Trial Chamber I ang tatlong bilang ng crimes against humanity laban kay Duterte, dahil na upang umusad ang kaso sa trial phase.

Sa hakbang na ito, mas pormal nang sisimulan ng ICC ang pagdinig na kaso ng dating pangulo na kasalukuyang naghabang sa The Hague.

Sa hakbang na ito, mas pormal nang sisimulan ng ICC ang pagdinig na kaso ng dating pangulo na kasalukuyang naghabang sa The Hague.



Pilipinas at Japan pinalakas ang energy cooperation sa gitna ng global crisis

Pinagtibay nina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at former Japanese Prime Minister Kishida Fumio ang mas pinaigting na kooperasyon ng Pilipinas at Japan sa usaping enerhiya, kasabay ng patuloy na epekto ng global instability sa suplay ng enerhiya.

Sa kanilang pulong sa Malacañang, binigyang-diin ni Marcos ang agarang pangangailangan para sa energy security, lalo na sa gitna ng tensyon sa Middle East na nakaapekto sa pandaigdigang sistema ng enerhiya.

Nagpasalamat din ang Pangulo sa patuloy

na suporta ng Japan, partikular sa pagtulong na matiyak ang sapat na suplay ng fuel sa bansa sa kabila ng mga pagkagambala sa global supply.

Tinalakay rin ng dalawang panig ang pagpapabilis ng paglipat mula sa fossil fuels patungo sa renewable energy, bilang bahagi ng pangmatagalang solusyon sa krisis sa enerhiya.

Umaasa si Marcos na makatutulong ang mga inisyatiba sa ilalim ng Asia Zero Emission Community (AZEC) upang mapalakas ang energy resilience at matugunan ang mga hamon sa sektor.

Ang mga mamimili. Ayon sa kanila, ang layunin ay makamit ang patas na presyo mula sa parehong magsasaka at consumer.

Ipinahayag din ni Cabatbat ang pangamba sa patuloy na tensyon sa Middle East, na maaring magdulot ng domino effect sa pagtaas ng presyo ng langis at iba pang bilihin, kabilang ang bigas.

Mga senador, nanawagan ng agarang aksyon para sa proteksyon ng mga manggagawa

Sa paggunita ng Labor Day, suportado ng ilang senador ang panawagan para sa konkretong hakbang upang maprotektahan ang mga manggagawa na hirap na sa mataas na presyo ng bilihin at mababang sahod.

Ayon kay Sen. Francis "Kiko" Pangilinan, ang patuloy na pagtaas ng presyo ng langis, pagkain, at pamasahang ay halos inuubos na ang kita ng mga pamilya. Kaya aniya, suportado niya ang panawagan para sa wage increase dahil ito ay "hindi awa kundi hustisya."

Biniyang-diin din niya na dapat lumikha ang gobyerno ng mas maraming dekladad na trabaho at ayusin ang mga sistemang nagpapabigat sa gastusin ng mamamayan.



Samantala, sinabi naman ni Sen. Jinggoy Estrada na dapat hindi lang papuri ang ibigay sa mga manggagawa kundi mas matibay na suporta tulad ng subsidies at iba pang ayuda upang maprotektahan ang kanilang kabuhayan.

Sa hwalay na pahayag, itinulak naman ni Sen. Win Gatchalian ang pag-amenda

sa Magna Carta for Public School Teachers upang mapalakas ang proteksyon, benepisyo, at kondisyon sa trabaho ng mga guro.

Ayon sa datos, mahigit 49 milyong Pilipino ang may trabaho, habang milyon pa rin ang walang trabaho o naghananap ng dagdag na oras ng pagkakakitaan.

Presyo ng bigas, posibleng umabot P62/kg sa Setyembre, 'reasonable'

Itinuturing na "reasonable" ng isang grupo ng mga magsasaka ang pagtaya na maaring umabot sa P60 hanggang P62 ang presyo ng kada kilo ng bigas pagsapit ng Setyembre.

Sa panayam, sinabi ni Magsasaka Partylist Chairman Atty. Argel Cabatbat na bagama't may pagtaas sa presyo, makakatulong ito sa mga magsasaka upang makabawi sa patuloy na pagmahal ng mga gastusin sa produksyon, lalo na sa

pataba o abono. Gayunman, nilinaw ni Cabatbat na hindi pa rin nangangahulugan ito ng malaking kita para sa mga magsasaka dahil nananatiling mataas ang presyo ng farm inputs.

Aniya, kung magtitipid naman sa abono, tiyak na bababa ang ani na lalo ring makakaapekto sa kanilang kita.

Umaasa naman ang grupo na hindi na lalagpas pa sa P60 hanggang P62 ang pre-



Grupo ng mga magsasaka, nababagalan sa distribusyon ng ayuda ng DA

Nababagalan ang isang grupo ng magsasaka sa aksiyon ng Department of Agriculture (DA) sa pamamahagi ng ayudang abono.

Ayon kay Raul Montemayor, national manager ng Federation of Free Farmers Cooperatives, Inc. (FFFCI), magsisimula na ang pagtatanim ng palay sa Mayo ngunit humihingi pa lamang ng pondo ang DA para sa biofertilizer.

Giit niya, baka matapos na ang panahon ng pagtatanim bago pa dumating ang ayuda.

Kamakailan, kinumpirma ng DA na humiling ito ng P30 bilyon karagdagang pondo para sa fertilizer at subsidy sa mga magsasaka

Kasabay nito, ipinatutupad na rin ang P10 bilyon Presidential Assistance for Farmers and Fisherfolk Program (PAFFP) upang matulungan ang mga magsasaka at mangingisda sa harap ng mataas na production costs.

Ayon sa DA, bumaba ang projection ng lokal na rice production mula 20.8 million metric tons tungo sa 19.8 million metric tons ngayong taon.

Inaasahan pang magkakaroon ng karagdagang pagbaba dahil sa epekto ng energy crisis at kakulangan sa abono.

Nanawagan ang mga magsasaka na bilisan ng pamahalaan ang pamamahagi ng biofertilizer upang hindi maapektuhan ang ani at kita ng mga magsasaka.

Hindi pagbubukas sa 'green box', tamang desisyon —Atty. Rico Domingo

Itinuturing ni dating Philippine Bar Association President Atty. Rico Domingo bilang tamang desisyon ang hindi na pagbubukas pa ng House Justice Committee sa kontrobersiyal na green box.

Ang naturang box ay naglalaman ng tax records nina VP Sara Duterte at Atty. Mans Carpio. Philippine News Digest

Katwiran ni Domingo, kung binuksan ito ay maari pang magdulot o magkaroon ng ibang isyu na posibleng maging dahilan para madalay ang proceeding.

Nanindigan ang abogado na nadiskubre

naman na ang probable cause, kahit pa na hindi buksan ang tax records at maari nang tumuloy sa trial ang kaso.

Naniniwala rin si Domingo na nagawa ng Justice Committee na sundin ang mga itinatakda ng saligang batas at ang nilalaman ng naging ruling ng Supreme Court sa Duterte vs House of Representatives sa mga serye ng pagdinig na ginawa nito.

Para kay Domingo, ang bukas na pagdinig ng panel ay nagpapakita ng istrikto nitong pagsunod sa itinatakda ng batas para wala nang makikitang butas sa naturang kaso.



TNVS at motorcycle taxis, pinatitigil na tumanggap ng bagong tsuper at rider matapos lumagpas sa itinakdang limit sa bilang

Pinatitigil ng Department of Transportation (DOT) ang Transport Network Vehicle Service (TNVS) at motorcycle taxis na tumanggap ng mga bagong tsuper at riders o tinatawag na "onboarding" matapos lumagpas sa itinakdang limit na bilang sa ilang kumpanya. Sa inilabas na

memorandum, inatasan ni Transportation Secretary Giovanni Lopez ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na ipatigil ang ginagawang onboarding maliban sa mga may valid na prangkisa.

Gayundin, ipinagbawala na ang on-the-spot at same-day onboarding

activities ng mga tsuper nang walang pahintulot mula sa LTFRB. Ginawa ng DOTr ang naturang hakbang matapos ipag-utos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang imbestigasyon sa pag-abuso ng ilang mga Transport Network Companies (TNCs) dahil sa paglagpas sa maximum limit ng

mga tsuper na maaaring i-onboard, na nagesulta sa pagkakaroon ng tinatawag na "tempo drivers."

Samantala, pinag-aaralan na rin ng DOTr Chief ang posibleng parusa at multa sa mga TNC at Motorcycle taxis na mapapatunayang lumabag sa itinakdang limit sa onboarding.

House plenary maaring sa ikalawang linggo ng Mayo magbobotohan para sa impeachment complaints laban kay VP Sara

Posibleng pagbotohan ng House plenary sa ikalawang linggo ng Mayo ang impeachment complaints laban kay Vice President Sara Duterte, ayon kay Manila 3rd District Rep. Joel Chua.

Kasunod ito ng naging pasya ng House Committee on Justice na may probable cause ang dalawang im-

peachment complaints at dapat itong iakyat sa plenary. Nakatakdang ring magpulong ang komite sa Lunes para sa pag-apruba ng committee report.

Sa botong 53-0, sinabi ng komite na may sapat na basehan para umusad ang kaso, at na-consolidate na rin ang dalawang reklamo laban sa bise presidente.

Ayon kay Chua, kailangan ng 106 boto o isang-katlo ng Kamara para maisumite ang articles of impeachment sa Senado, at naniniwala siyang malapit na itong makuha.

Gayunman, binigyang-diin din niya na maaaring makaapekto sa magiging desisyon ng Senado ang pulitika, lalo na't papalapit ang 2028 elec-

tions kung saan inihayag ni Duterte ang planong pagtakbo sa pagkapangulo. Maring itinatagpuan ng komite ni Duterte ang mga alegasyon, kabilang ang umano'y misuse of confidential funds, unexplained wealth, at assassination plot laban sa Pangulo, at iginiiit nilang lumuhis ang proseso ng komite sa tamang constitutional procedure.

UK judge mangunguna sa ICC Trial ni ex-Pres. Duterte

Itinalaga si Judge Joanna Korner ng United Kingdom bilang presiding judge ng Trial Chamber III sa kaso laban kay dating Pangulong Rodrigo Duterte sa International Criminal Court (ICC).

Sa inilabas na desisyon, kinumpirma na si Korner ang mamumuno sa tatlong-hukom na panel na hahawak sa kaso, alinunod sa regulasyon ng ICC.

Kabilang din sa chamber sina

Judge Keebong Paek ng South Korea at Judge Nicolas Guillou ng France.

Ang pagtatataga kay Korner ay kasunod ng pormal na paglapit ng kaso ni Duterte sa Trial Chamber III noong Abril 24, na nagtatakda ng pa-

munuan ng korte para sa susunod na yugto ng paglilitis.

Sa habkang na ito, pormal nang nakaposisyon ang ICC para simulan ang pagdinig sa kaso laban sa dating pangulo.



Pader ng mga Duterte, natitibag na – impeachment complainant

Naniniwala si Atty. Amando Ligutan na unti-unti nang natitibag ang 'pader' na nagsisilbing proteksyon ng pamilya Duterte.

Ito ay kasunod ng pagkakatantad ng umano'y mga itinatagong kayamanan ng naturang pamilya, taliwas sa ipinapakita nila sa publiko.

Ayon kay Ligutan, na nagsisilbi bilang lead counsel ng ikatlong impeachment complaint, ang mga timoniyang self-confessed bagman na si Ramil Madriaga at ng Commission on Audit

ang unang bugso na tumitibag sa naturang pader.

Tuluyan aniyang natibag ang naturang proteksyon sa mga isiniwalat at rebelasyon ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) at ni dating Sen. Antonio Trillanes ukol sa mga nakatagong kayamanan ng pamilya.

Ayon kay Ligutan, ang lahat ng mga lumabas sa House Justice Committee ay pawang sinusupportahan ng sapat at matibay na ebidensiya – dahilang upang dating dalhin sa trial ang mga kaso ng dating

pangulo.

Kung babalikan ang apat na magkahiwalay na pagdinig ng komite, isa-isang kinilitas sa hearing ang testimoniyang ebidensiyang sumusuporta sa mga reklamo.

Kabilang dito ang umano'y hindi maipaliwanag na kayamanan ni VP Sara, maanomalyang paggamit sa kaniyang confidential at intelligence fund, pagbabanta sa buhay ni Pangulong Ferdinand Marcos, atbpa.



Tinio, tiwalang may sapat na suporta sa plenary ang VP Duterte impeachment

Ipinahayag ni Rep. Antonio Tinio ng ACT Partylist na satisfied siya sa naging takbo ng impeachment hearings sa Kamara laban kay Vice President Sara Duterte.

Ayon kay Tinio sa panayam naging maingat si Chairperson Gerville Luisro sa pamamalakad ng proseso at nabigyan ng sapat na

pagkakataon ang kampo ng Pangalawang Pangulo upang magbigay ng kanilang panig.

Gayunman, aniya, sinayang ni Duterte ang pagkakataon na magpaliwanag dahil mas pinili nitong dumalo sa ibang event kaysa ipagtagpong ang sarili laban sa mga alegasyon ng katiwalian at iba pang paglabag sa batas.

Naniniwala si Tinio na makakakuha ng sapat na bilang ng boto ang impeachment case pagdating sa plenary ng Kamara.

Sa Mayo 4, 2026, inaasahang pagdedebataban ito kasabay ng pagbabalik ng sesyon at inaaasahang makakarating sa Senado na tatayong Impeachment Court.

CHED: 'Walang pagtataas ng tuition fee sa gitna ng krisis

Inanunsyo ng Commission on Higher Education (CHED) na hindi muna nila papayagan na magtaas ng matrikula ang mga higher education institution (HEIs) a bansa sa gitna ng nararanasang krisis.

Sa isang pulong balitaan kaugnay ng mga bagong programa ng edukasyon, sinabi ni CHED Chairperson Shirley Agrupis na marami sanang HEIs ang humiling na makapagtaas ng tuition dahil sa pagtaas ng gastos sa operasyon.

Gayunpaman, hiniling ng CHED sa mga paaralan na ipagpaliban muna ang anumang plano ng tuition increase dahil hindi ito ang tamang panahon sa harap ng nararanasang economic challenges.

Ayon kay Agrupis, naiparating na nila ang panawagan sa mga institusyon at nauunawaan naman umano ito ng mga paaralan.

Tiniyak din ng CHED na patuloy ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga HEIs upang tugunan ang mga usapin kaugnay ng matrikula at matiyak na hindi maaapektuhan nang labis ang mga estudyante.

Lolo, kulong sa pamamail-patay sa Agusan del Sur

Nakakulong na ngayon ang isang senior citizen na responsable sa pamamail-patay sa isang negosyante sa Purok 8, Barangay Taglatawan, Bayugan City, lalawigan ng Agusan del Sur ning nakalipas na gabi.

Ang suspek ay kinilalang si Rolando Hayag Arsenio, 67 taong gulang, residente ng naturang lugar.

Ayon sa ulat, naganap ang pamamail bandang alas-9:55 ng gabi kungsaad agad na nakatanggap ng tawag ang pulisya mula sa mga residente kaya mabilis silang rumesponde. Ang bik-

tima, si Alejandro Calang, 49 taong gulang at isang negosyante, ay dinala pa sa ospital ngunit idineklarang dead on arrival.

Sa isinagawang hot pursuit operation, nadakip ang suspek at narekorder mula sa kanya ang isang .45 kalibreng pistola na may magazine.

Batay sa paunang imbestigasyon, matagal nang alitan ang pinaniniwalaang dahilan ng pamamail.

Kasalukuyang nasa kustodiya ng Bayugan City Police Station ang suspek at isinampa na ang kaukulang kaso laban sa kanya.



Republic of the Philippines
National Capital Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
Branch 276, Muntinlupa City
Email address: rtc1mun276@judiciary.gov.ph
Tel No. (02)8563-5121 / Mobile No. 09510839390

IN RE: PETITION FOR REISSUANCE OF THE LOST/STOLEN ORIGINAL OWNER'S COPY OF CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 9424 IN THE NAMES OF SPOUSES HENRY BELLEZA AQUEUDE AND MARGARITA G. MORENO
SPOUSES HENRY BELLEZA AQUEUDE AND MARGARITA G. MORENO
-Petitioners,

LRC No. 26-023

-versus-
THE REGISTER OF DEEDS OF MUNTINLUPA CITY

-Respondent.

ORDER

A verified Petition has been filed by Petitioner praying that this Honorable Court:

I. TAKE COGNIZANCE of this Petition;
II. After due notice to the Register of Deeds of Muntinlupa City (with address at Hall of Justice Compound, Muntinlupa City, 1773) and the requisite publication. ORDER the cancellation of the current Owner's Duplicate Copy of Condominium Certificate of Title No. 9424 and likewise order the Register of Deeds of Muntinlupa to issue a new Owner's copy of CCT 9424 in the names/in favor of Petitioners, in lieu of/ having the same legal force and effect of the current/ to be cancelled Owner's Copy.

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, notice is hereby given that the Petition will be heard before this Court, located at **4th Floor, Hall of Justice, National Road, Tunasan, Muntinlupa City, on June 4, 2026 at 8:30 in the morning** at which place, date and time, all interested persons or entity are hereby cited to appear and show cause, if any, why the said Petition should not be granted.

The Branch Clerk of Court is directed to furnish the Office of the Clerk of Court of Muntinlupa City with a copy of this Order for purposes of raffle and publication' to be done once a week for two (2) consecutive weeks in a newspaper of general circulation at the expense of the Petitioner.

Likewise, let a copy of this Order and Petition be sent Department of Environment and Natural Resources, Land Registration Authority and Registry of Deeds of Muntinlupa City.

Finally, let a copy of this Order be posted fifteen (15) days prior to the date of hearing at the Bulletin Boards of:

- a) The Register of Deeds of Muntinlupa City;
 - b) The Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Muntinlupa City;
 - c) The City Hall, Muntinlupa City;
 - d) and on the Property itself,
- all at the expense of the Petitioner.

SO ORDERED.

IN CHAMBERS, Muntinlupa City, Philippines
April 10, 2026.

(SIGNED)
LOVELLA F. DEMETRIA-VALDEZ
Presiding Judge

Copy furnished:

Name	Method	Release by/ Date, Remarks
MORENO & ASSOCIATES Counsel for Petitioners Level 29 Joy Nostalq Center ADB Avenue, Ortigas Pasig City	<input type="checkbox"/> Registered Mail <input type="checkbox"/> Personal Service <input type="checkbox"/> Email	
Department of Environment and Natural Resources Visayas Avenue, Diliman, 1100 Quezon City	<input type="checkbox"/> Registered Mail <input type="checkbox"/> Personal Service <input type="checkbox"/> Email	
Land Registration Authority Eastg Avenue, Quezon City	<input type="checkbox"/> Registered Mail <input type="checkbox"/> Personal Service <input type="checkbox"/> Email	
Registry of Deeds Muntinlupa City	<input type="checkbox"/> Registered Mail <input type="checkbox"/> Personal Service <input type="checkbox"/> Email	

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: May 11 & 18, 2026

OFWs entertainer's screenings, nais pahigpitan ni Sen. Raffy Tulfo

Nanawagan si Senator Raffy Tulfo ng mas mahigpit na screening sa mga overseas Filipino workers (OFWs) na kinukuha bilang performers upang maiwasan ang human trafficking at prostitusyon.

Sa pagding ng Senate Labor panel, binigyang-diin ni Tulfo ang kakulangan ng masusing pagsusuri sa mga aplikanteng entertainer na papedala sa ibang bansa.

Aniya, dapat tiyakin ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) na tunay na may kakayahan sa pagkanta o pagsayaw ang mga aplikante, at hindi lamang nakabatay sa pisikal na anyo nito. OFW Assistance Guide

Sinabi pa ng senador na maraming OFW na in-aakalang papasok bilang performers ang nauwi sa mga nightclub at nagiging biktima ng trafficking o prostitusyon.

Ayon naman kay Department of Migrant Workers (DMW) Undersecretary Bernard Olalia, wala sa mandato ng ahensya ang mag-assess ng kakayahan ng performers, at aminado siyang hindi gaanong mahigpit ang kasalukuyang evaluation.

Pinuna rin ni Tulfo ang mga job advertisement sa social media na naghahanap umano ng "attractive, beautiful, sexy" na aplikante para sa entertainer jobs sa abroad, partikular sa Japan, at iginiiit na dapat itong ipatanggal.

Bilang tugon, sinabi ng DMW na nakikipatungulan sila sa Meta at TikTok upang alisin ang mga ilegal na recruitment posts.



Manila Mayor Isko, nagbabala sa mga tinaguriang 'graveyard shift tulongges' sa lungsod



Muling nagbigay babala ang alkalde ng lungsod ng Maynila na si Mayor Fracisco 'Isko' Moreno Domagosa sa mga tinaguriang 'tulongges' o suspek sa krimen na kanila itong hindi ipagsasawalang bahala.

Sa isang pahayag, maring sinabi ni Mayor Isko na ang pamahalaang panlungsod ay seryoso sa pagtugis ng mga indibidwal sangkot sa krimen o ilegal na gawain.

Kanyang binigyang diin na miski among oras pa man ito nangyari, mapa-graveyard

shift o madaling araw ay habulin ito ng awtoridad upang panagutin sa batas.

Hindi aniya nila mata-takasan ang batas kung kaya'y babala'y huwag gagawa ng krimen sa loob ng lungsod ng Maynila. Gayunpaman, hinimok niya ang mga tinaguriang 'graveyard shift tulongges' na magbagong buhay na at lumaban ng patas o sa legal na pamamaraan.

Alinsunod ang pahayag sa makaraan huli ng Manila Police District sa mga indibidwal gumawa at sangkot

sa krimen sa lungsod.

Mayroon mga kaso ng snatching, holdap at pananak-sak sa driver at pahinante ng truck sa Maynila na siyang tuluyang naaresto naman ng pulisya.

Nagpasalamat naman ang alkalde sa publiko o 'netizens' na nagsumbong at nagpadala ng videos sa tanggapan hinggil sa naakutuhan krimen sa lungsod.

Malaki aniyang tulong ito sa pagresolba at agaran matunton ang mga suspek sa ilegal na gawain.

Drilon, hindi ikinagulat ang unanimous support ng House panel sa impeachment complaint vs VP Sara

Hindi na ikinagulat ni dating Senate President Franklin Drilon ang unanimous support na nakuha ng impeachment complaint laban kay VP Sara Duterte mula sa mga miyembro ng House Justice Committee.

Kung babalikan ang naging botohan sa House panel kahapon (April 29), nagresulta ito sa 53-0 o pawang pumabor ang mga miyembro ng komite para umusad ang reklamo sa plenaryo.

Ayon kay Drilon, tiyak na inaasahan din ng mas nararaming Pilipino ang nag-

ing resulta ng botohan.

Possible rin aniya ng ito ang dahilan kung kaya't mas pinili ng kampo ni VP Sara na hindi na dumalo sa pagding ng komite - dahil batid nilang walang susupporta sa kanila sa kabuuan ng hearing.

Naniniwala rin si Drilon na magiging madali na lamang para malagpasan ng consolidated impeachment complaint ang plenaryo ng Kamara matapos ang unanimous support ng justice panel. Ngayon pa lamang aniya ay ityak nang makakakuha ito ng sapat na suporta upang tu-

muloy sa Senado.

Sa kabila nito, naniniwala rin ang dating presidente ng Senado na magiging pahirapan pa rin ang pagkuha ng sapat na boto sa mataas na kapulungan na magsisilbi bilang impeachment court kung sakali mang tutuloy ang kaso sa full trial. Kung ibabatay aniya sa kasalukuyang komposisyon ng mataas na kapulungan, lumalabas na aabot sa siyam na senador ang pumapabor kay VP Sara - dahilan upang magiging pahirapan ang pagkuha ng suporta para sa conviction.



DSWD, namahagi ng mahigit P11-M tulong sa mga lumikas dahil sa pag-aalburuto ng Mayon

Naglabas ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) ng mahigit P11 million bilang emergency cash assistance para sa mga pamilyang apektado ng patuloy na pag-aalburuto ng Mayon Volcano. Geology Pinangunahan ni DSWD Secretary Rex Gatchalian ang pamama-

hagi ng emergency cash transfer (ECT) sa mga evacuee na pansamantalang nananatili sa isang tent city sa bayan ng Mahilipot noong Huwebes. Ayon sa DSWD, umabot sa kabuuang 1,105 benepisyaryo mula sa Camalig, Ligao City, Mahilipot, at Tabaco City ang sabay-sabay na makatatang-

gap ng tulong. Bawat pamilya ay tatanggap ng P10,230, katumbas ng P341 kada araw sa loob ng 30-araw, upang makatulong sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Ayon kay DSWD Bicol information officer Mary Gizzle Mesa, bahagi ang pay-out ng patuloy na suporta ng

pamahalaan sa mga residenteng naapektuhan ng matagal na unrest ng bulkan. Sa kasalukuyan, nananatili sa Alert Level 3 ang Mayon Volcano, dahilang upang libu-libong residente sa lalawigan ng Albay ang manatili sa mga evacuation center para sa kanilang kaligtasan.

Meralco, nanawagan ng mas mahigpit na pamantayan sa rooftop solar installations

Nanawagan ang Manila Electric Company (Meralco) sa pamahalaan na magtakda ng malinaw na teknikal na pamantayan para sa rooftop solar equipment at higit pang regulasyon laban sa tinatawag na "guerrilla" installations, kasabay ng patuloy na pagdami ng gumagamit ng solar energy sa bansa.

Sa isang pagdinig sa Senado, sinabi ni Lawrence Fernandez, bise presidente at head ng Utility Economics ng Meralco, na sinusupportahan nila ang mga panukalang amyenda sa Renewable Energy Act upang mapabilis at mapadali ang net metering program. Kabilang dito ang pagbibigay ng mas malinaw na kapangyarihan sa Energy Regulatory Commission (ERC) na tukuyin ang saklaw ng programa at ayusin ang proseso ng pagkuha ng permit.

Ayon sa Meralco, mayroon na itong mahigit 20,000 net metering installations na may kabuuang kapasidad na lampas 170 megawatts. Gayunpaman, tinatayang may karagdagang 370 megawatts ng solar capacity ang naitayag ng malalaking komersyal na establisimiyento sa labas ng programa, dahilang upang un-

abot sa higit 500 megawatts ang kabuuang rooftop solar sa kanilang nasasakupan.

Sa kabila ng paglago ng sektor, iginini ni Fernandez ang pangangailangan ng mas mahigpit na pamantayan para sa mga solar equipment. Hinimok niya ang Department of Energy (DOE) at Department of Trade and Industry (DTI) na maglatag ng pormal na standards, partikular sa mga inverter at iba pang kagamitan, gayundin ng kwalipikasyon para sa mga installer.

Nagbabala rin ang Meralco sa pagdami ng "guerrilla" solar installations—mga sistemang hindi dumaan sa kaukulang permit at safety inspection mula sa lokal na pamahalaan.

Batay sa datos ng Institute for Climate and Sustainable Cities (ICSC), tinatayang nasa isang-katlo ng rooftop solar units sa Meralco franchise area ang hindi rehistrado. Iminungkahi ng kumpanya na isama sa mga panukalang batas ang mga probisyon kung paano maisasayos at mare-ehistro ang mga naturang instalasyon upang matiyak ang kaligtasan at maayos na regulasyon ng industriya.

Amerikanong wanted sa US, naaresto sa Cebu —BI

Inaresto ng Bureau of Immigration (BI) ang isang 44-anyos na Amerikanong wanted sa kasong kriminal sa Estados Unidos, sa isinagawang operasyon sa Danao City noong Abril 29.

Ayon sa BI Fugitive Search Unit (FSU), isinagawa ang pag-aresto sa pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad ng United States at lokal na pulisya.

Ang dayuhan ay umano'y wanted sa Texas dahil sa kasong pagbabanta na ilalantad ang mga intimate na larawan at attempted aggravated assault gamit ang deadly weapon. May nauna rin siyang conviction para sa felony aggravated assault sa Arizona.

Batay sa rekord ng BI, pumasok ang Amerikano sa Pilipinas noong Marso 2025 bilang temporary visitor ngunit hindi na nag-extend ng kanyang pananatili lampas

Hunyo 2025, dahilang upang ituring siyang overstaying alien at undesirable foreign national.

Ayon kay BI Commissioner Joel Anthony Viado, mahalagang ipakita ng ahenya na hindi ligtas na kanlungan ang Pilipinas para sa mga puganteng may marahas na kasaysayan.

"This arrest highlights our firm stance: the Philippines is not a hiding place for fugitives with violent pasts," ani Viado.

Dagdag pa niya, patuloy ang koordinasyon ng BI sa mga international counterpart upang matunton at maiproseso ang deportation ng mga pugante.

Kasalukuyang nasa kustodiya ng pulisya sa Danao City ang dayuhan at ililapat sa BI Warden Facility sa Maynila para sa sampahan ng deportation charges.

ADVERTISE WITH US

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

No. 011-2020001999
(Republic Act No. 4726)

OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
0995-101-8830 (globe)

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:
RESIDENTIAL

UNIT 24J – A RESIDENTIAL TYPE CONDOMINIUM UNIT LOCATED AT THE 24TH FLOOR LEVEL OF "ADB AVENUE TOWER", CONTAINING AN AREA OF 29.0 SQUARE METERS OR LESS.

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (successor-in-interest of BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.),

Petitioner/Mortgagee,

File No. 26-100-REM
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011000381 which embraces and describes the land located at BO. ORANBO, PASIG CITY with an area of ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FORTY-NINE (1,749) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR., OF LEGAL AGE, SINGLE, FILIPINO

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **AUGUST 12, 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, April 27, 2026.

(SIGNED)
RODERICK P. BERNARDO
Sheriff IV

(SIGNED)
ATTY. ROSALIE C. AROSA
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned ...

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (successor-in-interest of BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.)
Bank of the Philippine Islands, 28/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City

LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO M. ESTOJERO, JR.

(1) Block 3, Lot 9, POCC Compound, Nenita Street, Gulod, Novaliches, Quezon City
(2) Unit J, (24J), 24th Floor, ADB Avenue Tower, ADB Avenue Ortigas Center, Bo. Oranbo, Pasig City

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: May 11, 18 & 25, 2026

NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS, with office address at Bank of the Philippine Islands, 28th/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City against the borrower/mortgagor LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO ESTOJERO, JR., A.K.A. LEONARDO M. ESTOJERO, JR., with residence and postal address/es at (1) Block 3, Lot 9, POCC Compound, Nenita Street, Gulod, Novaliches, Quezon City; and (2) Unit J, (24J) 24th Floor, ADB Avenue Tower, ADB Avenue Ortigas Center, Bo. Oranbo, Pasig City, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of March 31, 2026 amounts to PESOS: FOUR MILLION SEVEN HUNDRED FIFTY-FIVE THOUSAND ONE HUNDRED FORTY-FOUR and 87/100 (PhP4,755,144.87) inclusive of interests, penalties and other charges but exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale the Clerk of Court & Ex Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff will sell at public auction on **JULY 22, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, Infront of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH in Philippine Currency the real property mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

Condominium Certificate of Title

Rep. de Lima, kampanteng makakakuha ng 1/3 votes ang consolidated articles of impeachment vs VP Sara

Kampante si Maramayng Liberal Party-list Rep. Leila de Lima na makakakuha ng 1/3 votes ng mga miyembro ng Kamara de Representantes ang articles of impeachment laban kay VP Sara Duterte. Ito ay upang mapagtibay at maiakyat sa Senado ang impeachment complaint at tuluyan nang masisimulan ang trial. Ayon kay de Lima, solido ang mga ebidensiyang ipinisenista sa mga serye ng pagdinig ng justice panel, mula pa noong day 1.

Sasakyang pandagat, nahati at tumaob sa karagatan ng Siargao Islands

Matagumpay na nailigtas ang 32 mga tripolante ng isang sasakyang pandagat matapos itong mahati at tumaob habang naglalayag sa karagatan ng Brey. Corregidor, Dapa, Siargao Islands

Surigao del Norte kahapon, Huwebes.

Ayon sa Coast Guard Station Surigao del Norte, ang barkong LCT Pacifica 3, nahati at tumaob dahil sa naglalakihang alon habang

naglalayag papunta sa bayan ng Claver sa nasabi ring lalawigan. Sa ngayo'y ina-access na ng PCG ang posibleng marine environmental impact sa nasabing insidente.



lamang aniyang mapag-aralan ng bawat miyembro ng Kamara ang bubuuang consolidated complaints upang makapagdesisyon bago ito isalang sa plenaryo.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
 NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND
EX-OFFICIO SHERIFF
 QUEZON CITY
 Email Address: rtc1qznoco@judiciary.gov.ph
 Mobile No./Landline No. 09155083986/89243843

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS
 (SUCCESSOR-IN-INTEREST OF BPI FAMILY
 SAVINGS BANK, INC.)

Mortgagee,

FRE NO. 16439

-versus-

SPS. ENRICO GO GENATO A.K.A. ENRICO
G. GENATO MARRIED TO GIRLIE ONG
GENATO A.K.A. GIRLIE O. GENATO,
 Mortgageors.

x-----x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL
 PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)**

